






# Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan

## *Nasaan ang Katolikong Simbahan sa Lahat ng Panahon?*

## Maikling Kasaysayan

Noong ika-30 ng Marso sa taong 1968, ang Pinakabanal na Birhen ng Carmel ay nagpakita sa unang pagkakataon sa apat na kabataang mga babae sa nayon ng El Palmar de Troya, Utrera, Seville, Spain, sa ibabaw







ng kahoy na lentisko. Sa kasalukuyan ay wala nang natira pa sa kahoy na ito sa unang aparisyon, dahil pinutol ng mga deboto ang mga sanga nito bilang mahalagang relikya. Sa eksaktong lugar, ay inilagay ang






Clemente Dominguéz y Gómez (Der.)
Manuel Alonso Corral (Izq.)





isang krus na yari sa kahoy, at sa palibot nito ay maraming mga panalangin ang dinasal at ang mga *seer* o pinagpapakitaan ay nakatanggap ng mga pagbisita ng mga galing sa langit. Sa paraang ito ang lugar na pinili ng Pinakabanal na Birhen sa Kanyang unang aparisyon ay pinanatili ang alaala. Sa bandang huli ang Banal na Mukha ni Hesus at ang Imahen ng Our Mother of Palmar ay inilagak doon.

Kasunod ng apat na kabataang mga babae, ay nagkaroon pa ng ibang mga *seer* o pinagpapakitaan na nagkaroon ng mga ekstraordinaryong mga ekstasi o lubos na kaligayahan at tumanggap ng importanteng mga mensahe









mula sa langit.

Ang Sagradong Lugar na ito, na siyang magiging Sentrong Pamunuan ng Banal na Palmaryanong Simbahan, ay inihanda ng Pinakabanal na Birheng Maria sa mahigit isang siglo sa pamamagitan ng Kanyang napakaraming mga Aparisyon sa iba't-ibang mga lugar tulad ng La Salette noong 1846, Lourdes noong 1858, Fatima


La Salette


Lourdes


Fátima


Garabandal

noong 1917, Garabandal noong 1961 at marami pang ibang mga lugar.

Ang Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya ang unti-unting naghayag ng nakababahalang sitwasyon sa Katolikong Simbahan, ng mga pangyayari na darating sa Kanya sa hinaharap, ang mga kastigo at mga sakuna na magaganap para sa buong sangkatauhan, na ang lahat ay mapahuhupa lamang sa pamamagitan ng panalangin, ng pagpepenitensiya at ng pag-aalis ng masyadong nakasisirang progresibismo na ipinasok sa Simbahan, tulad halimbawa: ang pagbibigay ng Banal na Komunyon sa kamay, ang pagtanggap Nito nang nakatayo sa halip na nakaluhod, maraming mga pari at mga madre ang inalis na ang kanilang sagradong mga abito…

Ang pagkasira ng Simbahan sa pamamagitan ng paghahalo sa tradisyonal na turo, mga pagpapalit sa liturhiya, ang pagbuwag sa Banal na Sakripisyo ng Misa at ang pag-aalis sa trono sa Pinakabanal na Birheng Maria at ng hindi mabilang na mga Banal galing sa mga simbahan na nagresulta sa espiritwal na pagkasira ng napakaraming numero ng mga kasapi ng Simbahan.

Ang Pinakabanal na Birheng Maria, bilang Ina ng Simbahan, pagkaraan ng napakaraming mga babala, ay nagpakita sa nayong ito na kung saan, bilang Banal na Pastora at Doktora, ay pinalmenteng inihanda Niya na baguhin ang Simbahan, dahil sa ang Romanong Simbahan ay patungo na sa ganap na pagtitiwalag o pag-aapostata. Buhat noon ay hindi na mabilang ang mga aparisyon ng Pinakabanal na Birhen at ng Ating Panginoong Hesukristo, ng Eternal na Ama at ng napakarami pang bilang ng mga Banal na unti-unting naghanda para sa darating na mga kaganapan sa Banal na Inang Simbahan.

Ang mga mensaheng patuloy na natatanggap ng maraming mga seer o pinagpapakitaan, mga himala sa harap ng publiko, pagpapagaling sa mga may sakit at iba pang mistikal na mga kababalaghan sa El Palmar, ay nagdala ng mas maraming pag-agos ng mga peregrino, hindi lamang galing sa Espania, subali't galing din sa lahat ng dako ng mundo, sa paghahanap ng tradisyon at katotohanan - na hindi na nakikita sa romanong mga simbahan.


Clemente Dominguéz y Gómez


Ang prinsipal na seer o pinagpapakitaan na pinili ng Diyos na magpalaganap sa lahat ng dako ng ekstraordinaryong mga mensahe na ibibigay sa El Palmar ay isang kabataang taga Sevilla, ipinanganak noong ika-23 ng Abril sa taong 1946, na siyang magiging dakilang Papa ng Banal na Inang Simbahan sa hinaharap, na may Pamunuan sa Sagradong Lugar na ito: Gregorio XVII. Si Clemente Dominguez y Gomez, bilang principal seer o pangunahing pinagpapakitaan sa El Palmar, ay hindi lamang basta importanteng tagatanggap ng mga mensahe; manapa ang Pinakabanal na Birheng Maria ay sinabayan ang Kanyang mga panawagan ng hindi mabilang na mga mistikal na mga kababalaghan na ibinigay Niya sa kanya, matibay na mga palatandaan na nagpapatunay sa katotohanan ng mga aparisyon: Kahanga-hangang mga ekstasi o lubos na kaligayahan,

konbersiyon, himalang paggaling ng mga may sakit, mga stigmata o pagkakaroon ng mga sugat ni Kristo, mistikal na mga komunyon at iba pa. Ang stigmata na kanyang natanggap ay perpektong malinaw na palatandaan para sa sinuman na may kababaang-loob na nais kumilala sa Katotohanan. Mula sa sandaling iyon, si Clemente Dominguez ay tinupad ang isa sa pinakamahirap na misyon na maaaring magawa ng isang tao; gayon pa man, sa tulong at kapangyarihan ng Diyos at ng Kanyang Pinakabanal na Ina, kinaya niya at nakipaglaban nang walang humpay at tapang para ipagtanggol ang Katotohanan.

Napakarami ang mga paglalakbay ni Clemente upang ihayag ang El Palmar, inaanyayahan ang mundo para malaman ang isang lugar ng kaligtasan sa harap ng mga panghihina, kalituhan, at kadilimang namamayani sa Romanong Simbahan. Sa kabila ng mga atake, kritisismo at mga paninirang ginawa laban sa kanya, siya ay matapat sa misyong ipinagkatiwala sa kanya, at ibinigay ang kanyang sarili na may tapang at katatagan sa mahirap na gawain na ipaalam ang mga balita mula sa Langit.

Ang patuloy na pagdarasal kasama ang madalas na penitensiya na hiningi ng Panginoon at ng Pinakabanal na Birhen sa Sagradong Lugar na ito, na masigasig na ginagawa ng mga deboto, ay hindi nagtagal ay nagkaroon ng bunga.

Makalipas ang ilang taon pagkatapos ng unang Aparisyon na iyon, ang espiritwal na basehan ay inorganisa sa pinakaimportanteng Orden ng mga Relihiyoso sa Huling mga Panahon. Ang mga Ordinasyon at mga Konsagrasyon sa mga miyembro ng bagong Herarkiya ng Simbahan sa iba't-ibang sangay nito ay nagawa ang Kalipunan ng mga Obispo at mga Apostol o Episcopal and Apostolic College na yumabong sa pagkakaroon ng maraming bilang ng mga kasapi upang tumulong na pangalagaan ang Banal na Katolikong Tradisyon sa Sagradong Lugar na ito. Sa lugar na pinili upang ipreserba ang kalinisan at sigla ng Katolisismo at sa gayon





ay maging Pamunuan ng Pagkapapa sa hinaharap, hindi lamang inihanda ng mga Palmaryan ang kanilang mga sarili sa espiritwal subali't ganoon din kinakailangan sa materyal upang itayo ang Templo ng Diyos kung saan ang tunay na pagsamba ay gagawin, na lalong nasisira saan man sa mundo.



Kung kaya, sa parehong Sagradong Lugar na ito kung saan ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nakita doon sa unang Aparisyon, at sa Kanyang petisyon bilang Ina, ang ngayon Katedral Basilika ng Our Crowned Mother of Palmar ay itinayo. Kahanga-hanga ang mga pagsisikap na ginawa ng mga unang Palmaryan upang ang pangarap na ito ay maging katotohanan, at ang kanilang pananampalataya at mapanalig na panalangin ay nabigyan ng katugunan mula sa kalooban ng Diyos.




Sa pagkamatay ni Papa San Pablo VI noong 1978, ang seer na si Clemente, na noon ay Obispo, ay hinirang at kinoronahang Papa ng Panginoon sa isang kamangha-manghang Aparisyon sa Santa Fe de Bogota, Colombia. Itong maluwalhating Papa Gregorio XVII ay nagpatawag ng dalawang Dakila, Banal, at Dogmatikong mga Konseho (Great, Holy and Dogmatic Councils), na nagdala sa liwanag sa

# El Templo de la Santa Sede Palmariana



















tunay na hiyas mula sa Kabanal-banalang Yaman ng Banal na Paghahayag (Sacrosanct Treasure of Divine Revelation), tulad halimbawa ng iba't-ibang Tratado sa Doktrina at Moral.


Ang tunay na Papa sa kasalukuyan ay naninirahan sa El Palmar de Troya, naghahari sa pangalang Pedro III. Siya ang tunay na Papa, Bikaryo ni Kristo sa mundo. Ang sino mang hindi niya kapanalig ay hindi kapanalig ni Kristo. Tanging ang mga Pari ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan ang may balidong kapangyarihang magsagawa ng Banal na mga Sakramento at magsagawa ng Banal na Sakripisyo ng Misa.





Sa kasalukuyan, maraming mga mananampalataya buhat sa maraming mga bansa ang nagtitipon sa maalab na pagpunta sa Sagradong Lugar na ito, nagbibigay ng pagsambang nararapat sa Diyos at sa Kanyang Pinakabanal na Ina, at nagsasagawa ng reparasyon para sa kasalanan ng sangkatauhan. Ang pagsamba dito, banal at kahanga-hanga, at ang mga prusisyon ay nag-aalab sa espiritwalidad, pinananatiling buhay at maalab







ang Pananampalataya, habang hinihintay ang pagtatagumpay ng Banal na Palmaryanong Simbahan.

Carmelites of the Holy Face, Avenida de Jerez, Nº 51,
41719 El Palmar de Troya, Utrera, Seville, Spain
Sa iba pang mga katanungan, sumulat sa: Apartado 4058, 41080 Seville, Spain
ocsficp@gmail.com